

## ANG KAYARIAN NG PANDIWA SA PILIPINO

TEODORO A. LLAMZON, S.J.

Ateneo de Manila University

(Salin ni FE ALDAVE-YAP)

Sa pag-aaral na ito, inilalarawan at sinusuri ang morpolohiya o palabuan ng pandiwa sa Pilipino ayon sa pamamaraang *functional-structural*. Ang pamamaraang ito ay tumitingin sa wika bilang isang kasangkapan ng pagkakaunawaan (tool of communication) na gumagalaw sa pamamagitan ng kambal na paraan: (a) pagsasalungatan at pagkakaiba (contrasts and oppositions) at (b) pagtatakda at pagpili (constraints and freedoms).

Ang paraan ng pagsasalungatan at pagkakaiba ay makikita sa pagsusunod-sunod ng lipon (order groups) at pagpapalit ng lipon (alternation groups) na bumubuo ng iba't ibang yunit o makahulugang bahagi ng wika. Halimbawa, ang pangungusap na Ingles *Tony hits Pedro*, ay masusuri ayon sa pagsusunod-sunod ng lipon, na salungat sa *the boy hits Pedro*, *the big boy hits Pedro*, *the boy sees Pedro*, *the boy has seen Pedro*, atb. Sa kabilang dako, ang mga yunit na *Tony*, *the boy*, *the big boy* ay pagpapalit ng lipon na iba sa isa't isa. Tulad din ng mga yunit na *hits*, *sees*, *has seen*. Kaya, ang mga yunit na salungat sa isa't isa sa aksis na paayon ay tinatawag na pagsusunod-sunod ng lipon, samantalang ang mga yunit na iba sa isa't isa sa aksis na patayo ay tinatawag na pagpapalit ng lipon. Kung minsan ang una ay tinatawag na *syntagms*, samantalang ang huli ay *paradigms*. Ang nagsasalita ng isang wika ay maaaring makapili kung alin ang kanyang gagamitin sa mga *syntagm* o *paradigm* na ito ayon sa kanyang pangangailangan o ibig ipahayag upang maunawaan ng kanyang kausap ang kanyang pahayag.

Ang pangalawang paraang ginagamit ng wika bilang isang kasangkapan ng pagkakaunawaan ay ang pagtatakda at pagpili: Halimbawa, sa tatlong pangungusap na sumusunod:

- (a) *Tony hits Ben.*
- (b) *I saw Tony hitting Ben.*
- (c) *I asked Tony to hit Ben.*


ang nagsasalita ay hindi maaaring pumili ng anyo ng pandiwang gagamitin niya. Halimbawa, hindi niya masasabi na *\*I asked Tony hits Ben*, o *\*I asked Tony hitting Ben* – kung ibig niyang magsalita ng Ingles, Sinasabi natin na ang pandiwa sa pangungusap (a) at (b) ay nasa panaganong paturo (indicative mood), ang (b) ay nasa panaganong pandiwari (participial mood), at ang (c) ay nasa panaganong pawatas (infinitive mood).

Sa kabilang dako, ang nagsasalita ay maaaring pumili ng anyo ng pandiwa sa (a): *Tony will hit Ben*, *Tony has hit Ben*, *Tony will have hit Ben*, atb. Maaari rin niyang sabihin sa (b) ang sumusunod: *I saw Tony hit Bill*, *I saw Tony about to hit Bill*, atb. Sa ibang salita, ang nagsasalita ay nakapipili ng panahunan (tense) ng pandiwa sa tatlong uri ng pangungusap na binanggit. Sinasabi natin na sa Ingles, ang kategoriyang panaganano

ay kumakatawan sa mga pagtatakda ng wika samantalang ang kategoriyang panahunan ay kumakatawan sa pagpili ng wika. Kailangang isaalang-alang ng isang nagsasalita ang ganitong mga pagtatakda upang maipahayag niya ang kanyang mga pangangailangan at mga bagay na ibig niyang ipahayag.

Sa sumusunod na paglalarawan ng kayarian ng pandiwa sa Pilipino, susuriin natin ang mga kategoriyang pagtatakda at pagpili gayundin ang mga anyo (i.e. panlapi, pag-uulit, at pagdodoble, atb.) na kumakatawan sa mga kategoriyang ito. Ang kategoriyang pagtatakda ay maaaring tawaging unlaping sapilitan (proper states) at ang kategoriyang pagpili ay gitlaping di-sapilitan (modals). Gagamitin sa pagsasagisag ng mga kategoriya ang mga panandang *argument* at *functor*. Ang *argument* ay kakatawanin ng malaking letra (e.g. PD); samantalang ang *functor* ay kakatawanin ng *superscripts* at *subscripts* (e.g.  $PD_{pl}^{\infty}$  o  $PD_{\infty}^{pl}$ ).

Narito ang kayarian ng pandiwa sa Pilipino:



May pagkakaiba ang tangkay at ang ugat. Ang ugat ay ang bahagi ng pandiwa na natitira pagkaalis ng panlapi at nagbibigay ng batayang kahulugan ng pandiwa; samantalang ang tangkay ay ang ugat na may kasamang gitlapi. Halimbawa nito ay ang pandiwang *nakapagpakain*: ang ugat ng pandiwa ay *kain*, ngunit ang tangkay ay *-kapagpakain*. Nakatutulong ang pag-iibang ito sapagkat kung ang pandiwa ay walang gitlaping di-sapilitan, ang pag-uulit (reduplication) ay magsisimula sa unang katinig at patingi ng ugat ay may gitlaping di-sapilitan, ang pag-uulit ay magsisimula sa unang katinig at pati (e.g. *nagguluto*); ngunit kung ang ugat ay may gitlaping di-sapilitan, ang pag-uulit ay magsisimula sa unang katinig at patinig ng tangkay (e.g. *nakapagpakain*).

Kailangang suriin dito ang apat na pangkat ng tuntuning morpo-nemika (morphophonemic rules) kaugnay ng kayarian ng pandiwa. Ang mga ito ay ang sumusunod: (a) pagtutulad ng mga tunog na pahumal (nasal assimilation), (b) paghuhulapi ng *-h* (h-suffixation), (k) pagpapalitan ng /d/ at /r/ (/d/ and /r/ alternation), at (d) ang tuntuning ng {-in} (metathesis rule).

Ang unang pangkat ng mga tuntuning morpo-nemika ay ang pagtutulad sa mga tunog na pahumal. Maaari itong hatiin sa dalawang pangkat: (1) ganap (complete) at (2) di-ganap (partial) na pagtutulad. Sa ganap na pagtutulad, kapag ang unlapi ay nagtatapos sa pahumal na tunog /ŋ/ (e.g. {paŋ -}, {maŋ -}), at ang ugat ay nagsisimula sa /p/ o /b/, nawawala ang mga walang tinig na panlabing pasara (voiceless bilabial stops) na mga tunog at ang /ŋ/ ay nagiging /m/; ngunit ang /ŋ/ ay nagiging /n/ kapag ang ugat ay nagsisimula sa /t/, o /s/; hindi ito nagbabago kapag ang ugat ay nagsisimula sa /k/. Halimbawa:

- { paŋ } +{ páloq } 'beat' ⇒ pamáloq 'beater'
- +{ táliq } 'string' ⇒ panáliq 'something for tying'
- +{ sálok } 'scoop' ⇒ panálok 'instrument for scooping'
- +{ káwit } 'hook' ⇒ paŋawit 'instrument for hooking'

Sa di-ganap na pagtutulad, kapag ang unlapi ay nagtatapos sa /ŋ/ at ang ugat ay nagsisimula sa /p/ o /b/, ang mga tunog na ito ay nanatili, at ang /ŋ/ ay nagiging /m/; kapag ang ugat ay nagsisimula sa /t/, /d/, o /s/, ang /ŋ/ ay nagiging /n/; ngunit kapag ang ugat ay nagsisimula sa patinig o /k/, ang /ŋ/ ay hindi nagbabago. Halimbawa:

- {paŋ-} + {bató} 'stone' ⇒ pambató 'something used for stoning'  
 + {túlong} 'help' ⇒ pantúlong 'auxiliary'  
 + {gupít} 'cut' ⇒ paŋgupit 'something for cutting'

Ang pangalawang pangkat ng mga tuntunin ay ang tuntunin ng paghuhulapi ng -h. Sinasabi ng tuntuning ito na kapag ang ugat ay nagtatapos sa patinig at ang hulapi ay nagsisimula sa patinig, ang /h/ ay ginagamit sa unahan ng hulapi, ngunit wala ito kapag ang ugat ay nagtatapos sa katinig. Halimbawa:

- {bása} 'read' + {- in} ⇒ basáhin 'to be read'  
 {basáq} 'wet' + {- in} ⇒ basaín 'to be wet'

Ang pangatlong pangkat ng mga tuntunin ay ang pagpapalitan ng /d/ at /r/. Sa tuntuning ito, kapag ang salita ay nagtatapos sa katinig /d/ at ito ay hinulapian, ang /d/ ay nagiging /r/; kapag ang salita ay nagsisimula naman sa /d/ at ito ay nilagyan ng unlaping nagtatapos sa patinig, ang /d/ ay nagiging /r/. Halimbawa:

- {báyad} 'pay' + {- an} ⇒ bayáran 'be paid'  
 {dito} 'here' + {pa-} ⇒ paríto 'come here'

Ang pang-apat na pangkat ng tuntunin ng morpoponemika ay may kinalaman sa anyo ng pandiwa na pokus sa layon, lunan at kasangkapan. Kapag ang ugat ng pandiwa, ay nagsisimula sa /y/, /w/, o /l/, ang gitlaping {-in-} ay nagiging {-ni-}. Halimbawa:

- {walís} 'sweep' + {i-} + {-in-} ⇒ iniwalis 'used for sweeping'  
 {yári} 'make' + {i-} + {-in-} ⇒ niyári 'made'

May dalawang uri ng anyo ng unlaping sapilitan: (a) payak - e.g. {mag-}, {-l} (h) in}, at (b) di-payak - e.g. {ma- -(l) (h) an}, {pag- -(l) (h) in}. Ang mga ito ay morpema ng panagano.

Ang mga gitlaping di-sapilitan ay nagbibigay ng kahulugang dagdag sa batayang kahulugan ng ugat ng pandiwa, e.g. *naglaróq* 'played', *nagpalaróq* 'caused play to occur'.

Ang ugat na nagsasaad ng batayang kahulugan ng anyo ng pandiwa ay may dalawang uri: (a) payak - e.g. {lútoq} 'cook', at (b) hango - e.g. {táwánan} 'laughter' in {nagtáwánan}.

Ang mga hulaping sapilitan ay mga morpoponema ng panagano. Isa lamang ang anyo ng mga ito: payak - e.g. {-l} (h) an}.

Narito ang iba't ibang kategoriyang sapilitan at di-sapilitan at ang mga sagisag na kumakatawan sa mga ito.

May anim na kategoriyang sapilitan: (a) ang dibinabanghay o pawatas (non-finite) -i.e. PD<sup>m</sup> -(e.g. {maglútoq}), na ginagamit sa pangungusap na pautos (e.g. maglúto ka

'cook'), sa mga di-malayang sugnay na may pang-ugnay (e.g. pumuntá siyá sa kusína upang maglúto 'he went to the kitchen to cook'), na may pang-abay (e.g. maglúto sana siyá 'hope he cooks'); (b) ang binabanghay (finite) – i.e. PD<sup>∞</sup> – na may tatlong uri: pangkasalukuyan (imperfect), e.g. *naglulútoq*, ang pangnagdaan (perfect), e.g. *naglútoq*, ang panghinaharap (future), e.g. *maglulútoq*; (k) ang pandiwari (gerund) – i.e. PD<sup>wr</sup> – *paglulútoq*; (d) ang absoluto (absolute) – i.e. PD<sup>abs</sup> – e.g. *paglútoq*; (e) ang katatapos (recent past) – i.e. PD<sup>ktp</sup> – e.g. *kalulútoq* at (g) padamdám (interjection), i.e. PD<sup>adm</sup> – e.g. *súlon*. Ang mga anyong ito ng pandiwa ay tinatawag na mga PANAGANO (moods).

May dalawang uri ang mga kategoriyang di-sapilitan: (a) sadya (actualizing) at (b) di-sadya (accidental). Ang mga kategoriyang sadya ay nakikita sa mga anyo ng pandiwang pawatas, binabanghay, at pandiwari, ngunit hindi sa absoluto at katatapos na anyo ng pandiwa. Ang mga kategoriyang sadya ay maaaring tawaging mga POKUS (focus). May apat na uri ng pokus: (a) pokus sa tagaganap (actor focus) – i.e. PD<sup>igp</sup> – (e.g. maglútoq, kumain); (b) pokus sa layon (goal focus) – i.e. PD<sup>lyn</sup> – (e.g. lutúin); (k) pokus sa lunan (local focus) – i.e. PD<sup>ln</sup> – (e.g. lutúan); at (d) pokus sa kasangkapan – i.e. PD<sup>ksp</sup> – (e.g. ilútoq).

May apat na uri ang kategoriyang di-sadya: (a) ang kategoriyang R, na binubuo ng pagpapalitan ng inuulit (iterative) at ang kategoriyang wala (absent category) – i.e. R → inuulit ~ φ; (b) ang kategoriyang P, na binubuo ng pagpapalitan ng kusatibo (causative), pagsisikap (intensive), samahan (associative), kakayahan (potential), kakayahan-di-sadya (potential-accidental), diin (emphatic) at kategoriyang wala – i.e. P ⇒ kusatibo ~ pagsisikap ~ samahan ~ kakayahang di-sadya ~ diin ~ φ; (k) ang kategoriyang K, na binubuo ng pagpapalitan ng maramihan (plural), di-sinasadya (involuntary), sinasadya (spontaneous), diin (emphatic), at ang kategoriyang wala – i.e. K ⇒ maramihan ~ di-sinasadya ~ sinasadya ~ diin ~ Φ; (d) ang kategoriyang bi, na binubuo ng pagpapalitan ng kategoriyang bisa at walang bisa – i.e. bi ⇒ bisa ~ Φ.

Narito ang mga anyo (e.g. mga panlapi) na kumakatawan sa mga kategoriyang binanggit sa itaas. Ang mga panlaping sapilitan ay nagsasagisag ng mga sumusunod:

| Panlaping Sapilitan: PANAGANO |   |   |   |  |   |
|-------------------------------|---|---|---|--|---|
| Pokus                         | Pawatas                                   | Kasalukuyan   | Nagdaan                                 | Hinaharap  | Pandiwari   |
| Tagaganap                     | mag + t<br>(ma + t<br>(mang + T<br>Um + T | nag + P + T<br>Na + T + T<br>nang + P + T<br>Um + P + T | nag + t<br>ma + t<br>nang + T<br>Um + T | mag + P + T<br>ma + P + T<br>mang + P + T<br>P + T | pag + P + T<br>pag + T<br>pang + P + T<br>pag + T |
| Layon                         | T + (l) (h) in                            | in + P + T  | in + T                                  | P + T + (l)<br>(h) in                              |   |
| Lunan                         | T + - (l) (h)<br>an                       | in + P + (l)<br>(h) an                                  | in + T +<br>(l) (h) an                  | P + T + (l)<br>(h) an                              |   |
| Kasangkapan                   | i - + T                                   | i - + in + P - T  | i - + in + T                            | i - + P + T  |   |
|                               | Katatapos:                                | Ka + P + T  |   |  |   |
|                               | Absoluto:                                 | pag + T   |   |  |   |

Sa ilustrasyon sa itaas, ang sagisag na *T* ay nangangahulugang “tangkay”, *P* ay “pag-uulit” o pag-uulit ng unang katinig at patinig ng ugat o tangkay, at ang (1) ay nangangahulugang “paglilipat ng diin sa susunod na pantig sa kanan”.

Ang kategoriyang di-sapilitan ay may apat na uri gaya ng binanggit sa itaas. Ang pokus sa tagaganap ay nahahati sa dalawang uri: (a) ang tagapagpaganap (executive), na nakikilala sa unlaping { mag- } at may dalawang alomorp: (i) /mag-/ sa unahan ng mga ugat ng pandiwang palipat at di-palipat, e.g. magdalá; (ii) /ma-/ sa unahan ng ugat ng pandiwang di-palipat, e.g. matúlog; bukod pa sa dalawang alomorp na ito ng pokus sa tagapagpaganap, mayroon pang tatlong morpemang pinagsama o amalgam (portmanteau) gaya ng: /maŋa-/ na binubuo ng morpemang tagapagpaganap at maramihan (e.g. naŋa-túlog), /maŋag-/ na binubuo rin ng pinagsamang kategoriyang tagapagpaganap at maramihan, e.g. naŋaglaró, at /maŋ-/ na binubuo ng pinagsamang tagapagpaganap at inuulit na kategoriya (e.g. namútol); (b) pansariling kilos (subitive), na nakikilala sa panlaping { um }, na may dalawang alomorp: (i) /um-/ sa unahan ng ugat ng pandiwang nagsisimula sa patinig (e.g. umalís), at (ii) /-um-/ sa pagitan ng unang katinig at patinig ng ugat ng pandiwa (e.g. lumákad).

Ang pokus sa layon ay nakikilala sa morpemang { -(l) (h) in }, na may dalawang alomorp: (i) / -(l) in/ sa hulihan ng ugat ng pandiwang nagtatapos sa katinig (e.g. putúlin); at (ii) / -(l) hin/ sa hulihan ng pandiwang nagtatapos sa patinig (e.g. basáhin).

Ang pokus sa lunan ay nakikilala sa morpemang { -(l) (h) an }, na may dalawang alomorp: (i) / -(l) an/ sa hulihan ng pandiwang nagtatapos sa katinig (e.g. putúlan); at (ii) / -(l) han/ sa hulihan ng pandiwang nagtatapos sa patinig (e.g. basáhan).

Ang pokus sa kasangkapan ay nakikilala sa morpemang { i- }.

Ang mga pokus ng pandiwa ay maaaring lagumin sa sumusunod:

1. Tagaganap:

(i) Tagapagpaganap: { mag- } = /mag-/ sa mga pandiwang palipat ~ /ma-/ sa mga pandiwang di-palipat

N.B. /maŋa-/ ⇐ tagapagpaganap + maramihan

/maŋag-/ ⇐ tagapagpaganap + maramihan

/maŋ-/ ⇐ tagapagpaganap + inuulit

(ii) Pansariling Kilos: { -um- } = /um-/ sa unahan ng pandiwang nagsisimula sa patinig ~ /-um-/ sa pagitan ng unang katinig at patinig ng ugat ng pandiwa.

2. Layon: { -(l) (h) in } = /-hin/ sa hulihan ng pandiwang nagtatapos sa patinig ~ /-in/ sa hulihan ng pandiwang nagtatapos sa katinig.

3. Lunan: { -(l) (h) an } = /-han/ sa hulihan ng pandiwang nagtatapos sa patinig ~ /-an/ sa hulihan ng pandiwang nagtatapos sa katinig.

4. Kasangkapan: { i- }

May iba pang pangkat ng panagano. Ang pangkat na ito ay may labing-isang iba't ibang kategoriya na maaaring isama at maaari rin namang hindi isama sa ugat ng pandiwa upang makabuo ng tangkay ng pandiwa. Ang unang kategoriya ay inuulit (iterative), na nakikilala sa morpemang { paŋ- }, na may limang alomorp: (i) /paŋ-/ na ginagamit kung kasunod ng si, ka<sup>3</sup>, ki, pa, ma, i at -(l) (h) in (e.g. nagsipamitás), (ii) /R/ o “pag-uulit” kasunod ng mag- o pag- (e.g. nágtatakbó), (iii) /D/ o “pagdodoble” ng salitang ugat kasunod ng um, at

*mag-* at *mangag-* (e.g. nangagkandarapaq) at (v) /l/ o “paglilipat ng diin sa susunod na *mag-* (e.g. naghanap-hanáp), (iv) /kanda/ kasunod ng *mag-* at *mangag-* (e.g. nangagkandara-paq) at (v) /l/ o “paglilipat ng diin sa susunod na pantig sa kanan” kasunod ng *mag-* o *pag-* (e.g. ipinagsabi).

Ang ikalawang kategoriya ay ang kusatibo (causative), na nakikilala sa morpemang {pa} na may dalawang alomorp: (i) /ka<sup>4</sup>/ na pokus sa kasangkapan (e.g. ikinagálit), at (ii) /pa/ na makikita sa ibang pokus (e.g. nagpakain).

Ang ikatlong kategoriya ay pagsisikap (intensive) na nakikilala sa morpemang {ka<sup>2</sup>} (e.g. nagpakabaít). Ang ikaapat na kategoriya ay ang samahan (associative), na nakikilala sa morpemang {ki} (e.g. nakilaróq). Ang ikalima ay kategoriyang kakayahan (potential), na nakikilala sa morpemang {ka<sup>1</sup>} (e.g. nakakuha). Ang ikaanim ay ang kakayahan-di-sadya (potential-accidental), na nakikilala sa morpemang {ka<sup>1</sup>} (e.g. nakákáin). Ang ikapito ay diin (emphatic), na nakikilala sa morpemang {pag-} (e.g. nakipaglaróq). Ang ikawalo ay kategoriyang maramihan (plural), na nakikilala sa morpemang {si} (e.g. nagsialís). Ang ikasiyam ay kategoriyang di-sinasadya (involuntary), na nakikilala sa morpemang {ka<sup>3</sup>} (e.g. nagkapera). Ang ikasampu ay ang kategoriyang sinasadya (voluntary o spontaneous), na nakikilala sa morpemang {ti} (e.g. nagpatiwakál). Ang ikalabing-isa ay ang kategoriyang bisa (effective), na nakikilala sa morpemang {sa} (e.g. isagawáq).

Ang mga kategoriyang ito ng panagano ay maaaring lagumin, gaya ng sumusunod:

1. Inuulit {-paŋ} = /paŋ/ kasunod ng si, ka<sup>3</sup>, ki, pa, ma, i at kasama ng -(l) (h) in;
  - e.g. *nagsipamítas*;
  - /R/ kasunod ng mag, pag;
  - e.g. *nagtatatakbo*;
  - /D/ kasunod ng um, mag;
  - e.g. *naghanáp-hanáp*;
  - /kanda/ kasunod ng mag, narag;
  - e.g. *nagkandarapa*;
  - /l/ kasunod ng mag, pag;
  - e.g. *ipinagsabi*.
2. Kusatibo: {pa} = /ka<sup>4</sup>/ na pokus sa kasangkapan; /pa/ sa ibang pokus
  - e.g. *nagpakain*, *ikinagalit*.
3. Pagsisikap: {ka<sup>2</sup>}; e.g. *nagpakabaít*;
4. Samahan: {ki}; e.g. *nakilaróq*;
5. Kakayahan: {ka<sup>1</sup>}; e.g. *nakuha*;
6. Kakayahan-di-Sadya: {ka<sup>1</sup>}; e.g. *nakákáin*;
7. Diin {pag}; e.g. *nakipaglaróq*;
8. Maramihan {si}; e.g. *nagsialís*;
9. Di-sinasadya: {ka<sup>3</sup>}; e.g. *nagkapera*;
10. Sinasadya: {ti}; e.g. *nagpatiwakál*;
11. Bisa: {sa}; e.g. *isagawáq*.

Maaaring pagsamahin ang iba't ibang panlapi at ugat ng pandiwa. Kailangang uriin sa limang pangkat ang mga ugat ng pandiwa, gaya ng sumusunod: (a) ang mga ugat ng pan-

diwang palipat na absoluto (e.g. *patay*, *basag*, *atb*) na nangangailangan ng layon; (b) ang mga ugat ng pandiwang palipat (e.g. *luto*, *ahit*, *atb.*) na maaaring mayroon o walang layon; (k) ang mga ugat ng pandiwang di-palipat. (e.g. *tulog*, *ligoq*, *atb.*); (d) ang mga ugat ng pangngalan (e.g. *bahay*, *tayo*, *atb.*); at (e) ang mga ugat ng pang-uri (e.g. *mahal*, *init*, *hilaw*, *atb.*). Narito ang tala ng mga ugat na ito:

| Pokus   | Gittlaping-<br>Di-sapilitan | Halimbawa                  | U G A T     |           |            |            |           |
|---------|-----------------------------|----------------------------|-------------|-----------|------------|------------|-----------|
|         |                             |                            | <i>abpl</i> | <i>pl</i> | <i>dpl</i> | <i>Png</i> | <i>Pr</i> |
| 1. mag- |                             | <i>magtayóq</i>            | x           | x         | x          | x          | x         |
|         | -D-                         | <i>magbantáybantáy</i>     | x           | x         | x          |            |           |
|         | -(1)-                       | <i>maghanáp</i>            | x           | x         | x          |            |           |
|         | -R-                         | <i>magtatakbo</i>          | x           | x         | x          |            |           |
|         | -si-                        | <i>magsialís</i>           | x           | x         | x          |            |           |
|         | -sipag-                     | <i>magsipagtágoq</i>       | x           | x         | x          | x          |           |
|         | -sipagpaka <sup>2</sup> -   | <i>magsipagkabaít</i>      |             |           | x          |            | x         |
|         | -sipañ                      | <i>magsipañúha</i>         | x           | x         | x          | x          | x         |
|         | -ka <sup>3</sup> -          | <i>magkapéra</i>           | x           | x         | x          | x          |           |
|         | -ka <sup>3</sup> (1)-       | <i>magkaputol</i>          | x           | x         | x          |            |           |
|         | -ka <sup>2</sup> D-         | <i>magkaumpógumpóg</i>     | x           | x         | x          |            |           |
|         | -kanda-                     | <i>magkandadapáq</i>       |             |           | x          |            |           |
|         | -pa-                        | <i>magpakáin</i>           | x           | x         | x          | x          | x         |
|         | -paka <sup>2</sup> -        | <i>magpakabaít</i>         |             |           | x          |            | x         |
|         | -pati-                      | <i>magpatihúlog</i>        |             |           | x          |            |           |
| ma-     |                             | <i>matúlog</i>             |             |           | x          |            |           |
|         | -ka <sup>1</sup> -          | <i>makatúlog</i>           | x           | x         | x          |            |           |
|         | -ka <sup>1</sup> pag-       | <i>makapagsábi</i>         | x           | x         | x          | x          |           |
|         | -ká <sup>1</sup> pag-       | <i>makápagbigay</i>        | x           | x         | x          | x          |           |
|         | -ka <sup>1</sup> pañ-       | <i>makapañúha</i>          | x           | x         | x          | x          |           |
|         | -ka <sup>1</sup> pagpa-     | <i>makapagpagupít</i>      | x           | x         | x          | x          | x         |
|         | -ká <sup>1</sup> pagpa-     | <i>makápagpagupít</i>      | x           | x         | x          | x          | x         |
|         | -ki-                        | <i>makitúlog</i>           | x           | x         | x          |            |           |
|         | -kipag-                     | <i>makipaglaróq</i>        | x           | x         | x          | x          |           |
|         | -kipañ-                     | <i>makipañáhoy</i>         | x           | x         |            | x          |           |
|         | -kipagpa-                   | <i>makipagpakáin</i>       | x           | x         | x          |            | x         |
| mañ-    |                             | <i>mañahúlog</i>           | x           | x         |            | x          |           |
|         | -ka <sup>2</sup> -          | <i>mañakatúlog</i>         | x           | x         | x          |            | x         |
| mañag-  |                             | <i>mañagáral</i>           | x           | x         | x          |            | x         |
|         |                             |                            |             |           |            |            | l         |
|         | -pa-                        | <i>mañagpagupít</i>        | x           | x         | x          | x          | x         |
|         | -si-                        | <i>mañagsialís</i>         | x           | x         | x          |            | x         |
|         | -ka <sup>3</sup> -          | <i>mañagkapéra</i>         | x           | x         | x          | x          |           |
|         | -sipag-                     | <i>mañagsipaguwíq</i>      | x           | x         | x          |            |           |
|         | -sipagpa-                   | <i>mañagsipagpahúlaq</i>   | x           | x         | x          |            | x         |
|         | -sipagpaka <sup>2</sup> -   | <i>mañagsipagpakabaít</i>  |             |           | x          |            | x         |
|         | -sipagpati-                 | <i>mañagsipagpatihúlog</i> | x           | x         | x          |            |           |
|         | -kanda-                     | <i>mañagkandadapáq</i>     | x           | x         | x          |            |           |

| <i>Pokus</i> | <i>Gitlaping-Di-Sapilitan</i> | <i>Halimbawa</i> | <i>abpl</i> | <i>pl</i> | <i>dpl</i> | <i>Png</i> | <i>Pr</i> |
|--------------|-------------------------------|------------------|-------------|-----------|------------|------------|-----------|
|              | um                            | lumipád          | x           | x         | x          |            | x         |
|              | -D-                           | tumáwatáwa       | x           | x         | x          |            |           |
|              | maη-                          | maηhúli          | x           | x         | x          | x          |           |
| 2.           | -(1)(h)in                     | lutúin           | x           | x         | x          | x          | x         |
|              | pa- -(1)(h) in                | pakaínin         | x           | x         | x          |            | x         |
|              | -pa-                          |                  |             |           |            |            |           |
|              | -pag-                         | papaglutúin      | x           | x         | x          | x          |           |
|              | -paη-                         | papaηhiramín     | x           | x         | x          | x          |           |
|              | -ka <sup>2</sup> -            | pakabutihin      | x           | x         | x          |            | x         |
|              | -ki-                          | pakiputúlin      | x           | x         |            |            |           |
|              | pag- -(1)(h) in               | paglinísin       | x           | x         | x          | x          |           |
|              | paη- -(1)(h) in               | pamitasín        | x           | x         |            | x          |           |
|              | ma-                           | makúha           | x           | x         |            |            |           |
|              | -pa-                          | mapakáin         | x           | x         | x          |            | x         |
|              | má-                           | mákáin           | x           | x         |            |            |           |
|              | -pa-                          | mápakáin         | x           | x         | x          |            | x         |
| 3.           | -(1)(h) an                    | tulúηan          | x           | x         | x          | x          | x         |
|              | ma- -(1)(h) an                | matamáan         | x           | x         | x          | x          | x         |
|              | -pag-                         | mapagarálan      | x           | x         | x          |            |           |
|              | -paη-                         | mapamilihán      | x           | x         | x          | x          |           |
|              | má- -(1)(h) an                | mátamáan         | x           | x         | x          | x          |           |
|              | -pag-                         | mápagarálan      | x           | x         | x          |            |           |
|              | -paη-                         | mápamilihan      | x           | x         | x          | x          |           |
|              | pa- -(1)(h) an                | pakuluán         | x           | x         | x          | x          | x         |
|              | -ka <sup>2</sup> -            | pakawalán        |             |           | x          |            |           |
|              | -ki-                          | pakitulúηan      | x           | x         | x          | x          |           |
|              | pag- -(1)(h) an               | paginátan        | x           | x         | x          |            |           |
|              | paη- -(1)(h) an               | pamitasán        | x           | x         | x          |            |           |
|              | ka <sup>2</sup> - -(1)(h) an  | kahiyaán         | x           | x         | x          |            |           |
| 4.           | i-                            | ihampás          | x           | x         | x          | x          | x         |
|              | -pag-                         | ipagtanóη        | x           | x         |            |            |           |
|              | -pag(1)-                      | ipagtapón        | x           | x         |            |            |           |
|              | -pagD-                        | ipagtanóηtanóη   | x           | x         |            |            |           |
|              | -pa-                          | ipakúha          | x           | x         |            |            |           |
|              | -paki-                        | ipakikúha        | x           | x         | x          |            | x         |
|              | -pakipag-                     | ipakipagtanóη    | x           | x         |            |            |           |
|              | -pakipa-                      | ipakipaalfs      | x           | x         |            |            |           |
|              | -ka <sup>4</sup> -            | ikagfsin         | x           | x         | x          |            | x         |
|              | -ka <sup>4</sup> pa-          | ikapaalfs        | x           | x         | x          |            |           |
|              | -paη-                         | ipamútol         | x           | x         |            | x          | x         |
|              | -sa-                          | isagawáq         | x           | x         |            |            |           |
|              | mai-                          | maitanóη         | x           | x         |            |            | x         |
|              | -pa-                          | maipasábi        | x           | x         | x          | x          | x         |
|              | -sa-                          | maisagawáq       | x           |           |            |            |           |
|              | -pag-                         | maipagtanóη      | x           | x         | x          |            |           |



| <i>Pokus</i> | <i>Gitlaping-<br/>Di-Sapilitan</i> | <i>Halimbawa</i> | <i>abpl</i> | <i>pl</i> | <i>dpl</i> | <i>Png</i> | <i>Pr</i> |
|--------------|------------------------------------|------------------|-------------|-----------|------------|------------|-----------|
|              | —pagpa—                            | maipagpatanón    | x           | x         | x          |            |           |
| mái-         |                                    | máitanón         | x           | x         |            |            |           |
|              | —pa—                               | máipatanón       | x           | x         | x          | x          | x         |
|              | —sa—                               | máisagawáq       | x           | x         |            |            | x         |
|              | —pag—                              | máipagtanón      | x           | x         | x          |            | x         |
|              | —pagpa—                            | máipagpatanón    | x           | x         | x          |            | x         |